

Delivered during the Perspectives on the BOL Forum
on March 13, 2019

Assalamu alaykum wa rahmatullah wa barakatuh.

May I request for a moment of silence to remember and pray for our colleague in the BTA, Mr. Ghazali Jaafar, who passed away this morning.

He has given his life for the Bangsamoro cause, and it is now upon us to take on from where he left off.

(pause)

Maraming salamat.

Limang taon mula nang pirmahan ang Comprehensive Agreement on the Bangsamoro at dalawampu't dalawang taon mula nang magsimula ang negosasyon sa pagitan ng gobyerno at ng Moro Islamic Liberation Front, naririto na tayo sa isang importanteng bahagi ng kasaysayan kung saan tayo mismo ay sasaksi sa paghulma ng uri ng gobyerno na bukod tangi sa buong bansa – a parliamentary Bangsamoro Government operationalized by the Bangsamoro Transition Authority, in the only autonomous region in the Philippines – the Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM).

Dala ng pagratipika ng Bangsamoro Organic Law (o BOL) ang ilang mga probisyon na ngayon lamang natin makikita. And as we look at these provisions, we also see where women advocates such as ourselves can look for opportunities to advance our collective agenda.

Una, ang pagpalit ng uri ng gobyerno patungo sa isang parliamentary form of government. As you know, what we have temporarily, until 2022, is a transitional government to be composed of 80 individuals all appointed by the President. But come 2022, we will have regularly elected members of the Bangsamoro Parliament. Ngunit bago yan, ang BTA ay nangangailangang magpasa ng batas na magsasaad kung paano iboboto ang mga magiging miyembro ng Parliament. Alam natin, mula sa CAB at sa BOL, na mayroong 3 uri ng seats sa Bangsamoro Parliament.

40% o 32 sa mga pwestong ito ay bubuuin ng mga district representatives.

50% naman (o 40 seats) ng mga miyembro ng Parliament ay manggagaling sa mga party-list. Ito ay maaaring maging kamukha ng party-list representation na nakikita natin sa Kongreso kung saan ang bawat party-list ay magsusumite ng listahan ng kanilang mga nominee, at kung maabot nila ang kinakailangang bilang ng boto (o ang tinatawag na threshold), sila ay makakakuha ng pwesto sa Parliament. Ang mga kababaihan ay maaring bumuo ng kanilang sariling mga party-list at maging bahagi ng Parliament sa ganitong paraan.

Finally, we have the remaining 10% (or 8 seats) devoted to sectoral representatives. Of these, 1 seat is already reserved for women. Sa bahaging ito, kinakailangang alamin ng BTA, sa electoral code, kung paano boboto ang mga kababaihan ng kanilang representante sa nag-iisang reserved

seat na ito. Ang meron lamang tayong example mula sa national law ay ang mandatory representative ng indigenous peoples sa mga local na sangguniang. Ngunit, sa kasalukuyan, ang mga mandatory representatives na ito ay hindi hinahalal kundi ina-appoint ng local chief executive. Ayon sa Konstitusyon, at sa BOL, hindi ito maaaring mangyari sa isang miyembro ng Parliament kaya kailangang gumawa ng paraan ng BTA para mabigyan ng pagkakataon ang mga kababaihan na sila lamang ang magpasya kung sino ang uupo sa reserved seat for women sa Bangsamoro Parliament.

Historically, ARMM has not shied away from electing women leaders to political positions. But beyond the numbers, what is incumbent upon us to also test our female AND MALE politicians on their adeptness at women's issues. Therefore, by focusing not just on the number of female representatives but also on their capability and willingness to advance the women's agenda, we give life to what is meant by meaningful political participation.

Bukod dito, kinakailangan ding may at least isang miyembro ng gabinete mula sa mga kababaihan. Ang ating Minister for Social Services, si Atty. Raissa Jaujurie, ang syang kumakatawan sa probisyong ito.

The BOL also provides that the Council of Leaders – the consultative body composed of political and sectoral leaders – should include a women's representative.

Ikalawa, pinapakilala rin ng BOL sa unang pagkakataon ang annual block grant. Unlike the ARMM, which had to propose and defend a budget that needs to be approved by the national Congress, the BARMM Government will enjoy the automatic appropriation and regular release of an annual block grant. Ang ibig sabihin ay hindi na kailangang magmakaawa sa mga mambabatas na bigyan ng budget ang mga programa at proyekto na nais isulong ng Bangsamoro Government. Ang annual block grant ay otomatikong bahagi ng GAA, i-co-compute base sa isang formula, at bahala na ang Bangsamoro Parliament na magpasa ng budget kung paano ito gagastahin.

Sa annual block grant, sinisigurado ng BOL na 5% ng budget ng bawat ministry, opisina, pati ng mga LGU sa loob ng rehiyon ay naka-allocate para sa gender and development. Dagdag pa rito, 5-30% ng matatanggap na Official Development Assistance (o ODA) ng Bangsamoro Government ay ilalaan para rin sa gender and development. With these amounts available, it is upon us to ensure that the allocation goes to programs and activities that genuinely contribute to the promotion of women's welfare.

Ikatlo, maraming probisyon sa BOL ang nagpapakita na kailangang bigyang atensyon ng Bangsamoro Government ang mga pangangailangan ng mga kababaihan. One of the tasks of the government is to develop programs and laws for women. Kaakibat nyan ang mandato na bumuo ng mga mekanismo para makonsulta ang mga kababaihan tungkol sa mga pangangailangan nila. Nakasaad din sa BOL ang garantiya na protektahan ang mga kababaihan ayon sa mga probisyon ng CEDAW o Convention on the Elimination of All forms of Discrimination Against Women. Finally, sa usaping pangkalikasan at sustainable development, ang Bangsamoro Government ay inaatang bumuo ng isang comprehensive framework for sustainable development, na tumatalakay ng pag-reduce ng vulnerability ng kababaihan sa climate change.

Bahagi ho ng trabaho ng BTA na bigyang katuparan ang mga pangakong ito ng BOL para sa ikabubuti ng mga kababaihan na naninirahan sa ating rehiyon. Ngunit ang mga naitalaga sa BTA ay hindi perpekto. Marami pong mga bagay na hindi pa parte ng aming kaalaman at kamulatan. Yan ho sana ang ipapakiusap ko sa ating lahat na naririto. Nagpapasalamat ako sap ag-organisa ng pagpupulong na ito para sa pagbalangkas ng isang Bangsamoro women's agenda. Bilang isang miyembro – isang maliit na boses sa gitna ng iba pa nitong mga miyembro – tungkulin ko na maging consultative at alamin ang pulso ng mga taong maaapektuhan ng mga polisiya at batas na aaprubahan ng BTA sa bawat pagdeliberate nito. Ito ho ang maaasahan niyo sa akin. Sana ho ay magtulungan tayo.

Maraming salamat po.

ATTY. ANNA TARHATA BASMAN
Member of the Parliament, Bangsamoro